


POLICY PAPER

RENEWABLE ENERGY PARA KANINO?





Renewable Energy Para Kanino?

Abstract

Ang Pilipinas ay may malawak na potensyal para sa renewable energy, sa offshore wind pa lamang ay may kakayahang lumikha ng anim na mas marami pa sa kasalukuyang taunang kailangan na enerhiya. Gayunpaman, ipinapaliwanag ng (policy brief) na ito ang nangyayaring pagpapalawak ng renewable energy ay nasa ilalim ng pribado at deregulated na sektor ng enerhiya kung saan inuuna ang kita kaysa sa kapakanan ng publiko. Sa ilalim ng balangkas ng Energy Power Industry Reform Act (EPIRA) at pinagtibay na Renewable Energy Act of 2008, ang pagdedevelop ng renewable energy ay ang bagong interes para sa mga conglomerates at dayuhang kapital sa halip na estratihiya sa pagsisigurado ng abot-kaya, aksesible, at demokratikong kontrol ng kuryente.

Sa kabila ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya sa solar, wind at iba pang renewable, isa pa rin ang Pilipinas sa nangungunang bansa sa Timog-Silangang Asya na may pinakamataas na presyo ng kuryente, habang ang kakayahang suportahan ang sarili sa enerhiya ay bumaba patuloy pa rin ang pagdepende sa imported na langis. Ang mga mamimili pa rin ang bumabalikat ng gastos ng pribadong pamumuhunan sa pamamagitan ng mga pass-through charges at mga pataw sa renewable energy, kasabay ng mga malakihang proyekto na sumasakop sa mga sakahan, pangisdaan, kagubatan at lupang ninuno. Ang mga pag-unlad na ito ay banta sa seguridad sa pagkain, kabuhayan, at ecosystem, na madalas ay walang makabuluhang konsultasyon o sapat ng kompensasyon sa mga apektadong komunidad.

Tampok din sa brief na ito ang mga limitasyon ng mga kasalukuyang polisiya ng renewable energy. Ang fiscal incentives, bawas sa buwis, at garantisadong kita ay higit na paborable para sa mga korporasyon, habang ang mga programa katulad ng net metering at distributed energy resources ay kalakhan lamang na nagagamit ng middle- at upper-income na sambahayan. Ang pagmamay-ari ay konsentrado lamang sa iilang mga conglomerates at ang kanilang mga kasosyong dayuhan, na lalo lamang nagpapanatili sa market-driven planning at ang mahinang papel ng pampublikong sektor.

Mayroong renewable energy – ngunit ito’y para kita at hindi para sa tao

Ang Pilipinas ay nagtataglay ng napakalaking potensyal sa renewable energy (RE). Ang rekurso sa offshore wind pa lamang ay tinatayang kakayahang makagawa ng hanggang 702 terawatt-hours (TWh) kada taon—sobrang layo nito sa kasalukuyang taunang konsumo ng bansa sa kuryente na humigit-kumulang 110 Twh. Mayroon rin tayong napakalawak na potensyal sa solar, geothermal, hydro, wind at biomass na nakakalat sa buong kapuluan at baybay-dagat. Sa papel, ang mga rekursong ito ay kayang suportahan ang mas malinis at ligtas na enerhiya sa hinaharap.

Ngunit ang pagpapaunlad sa renewable energy ay hindi lamang simpleng natutukoy batay sa pagkakaroon ng likas na yaman. Ang pagiging sustainable, abot-kaya, at kapaki-pakinabang ng renewable energy para sa nakararami ay nakasalalay sa imprastraktura, teknolohiya, pagpopondo, at higit sa lahat, sa direksyon ng mga polisiya. Ang tanong ay hindi lamang kung ang renewable energy ay lumalawak, kung hindi sino ang may kontrol nito, sino ang nakikinabang dito, at sino ang pumapasan ng halagang kapalit ng pinsala sa sosyal at pangkapaligiran nito.

Sa kasalukuyan, ang pagpapaunlad ng renewable energy ay kalakhang nasa pribado at deregulated na enerhiya na dinodolina ng malalaking korporasyon at dumaraming bilang ng dayuhang kapital. Sa halip na pangunahing nakabatay ito sa garantisadong abot-kayang kuryente, seguridad sa enerhiya, o pangkalahatang akses para sa publiko, ang pagpapalawak ng renewable energy ay nagiging bagong larangan para sa pagkamal ng kita.

Ang balangkas na ito ay nabuo mula Energy Power Industry Reform Act (EPIRA) of 2001, kung saan sinapribado at naging deregulated ang sektor ng enerhiya. Sa ilalim ng EPIRA, ang paglikha ng kuryente at pamamahagi ng kuryente ay binukas sa pribadong korporasyon sa pangakong ang kompetisyon ay magdudulot ng pagbaba ng gastos at mas episyenteng serbisyo. Ngunit ang sektor ng enerhiya ay naging konsentrado sa kamay ng iilang conglomerates na ngayon ay nangingibabaw sa pamumuhunan sa fossil fuel at renewable energy.

Hindi umusbong ang renewable energy bilang alternatibo mula sa kontrol ng korporasyon, sa halip ay karugtong pa nito. Ang malalaking conglomerates na

matagal nang may interes sa carbon, gas, at renewable energy ay nangunguna na rin ngayon sa mga proyektong solar, wind, geothermal, at hydro. Ang mga proyektong renewable energy ay isinasagawa sa loob ng parehong balangkas ng merkado na nagbibigay ng prayoridad sa kita ng mga mamumuhunan, gumagarantiya ng tubo, at nagpapasa ng mga gastos at *risk* sa mga mamimili.

Lalo pang pinalalim ng kasalukuyang administrasyon ang ganitong oryentasyon sa pamamagitan ng aktibong paghikayat ng dayuhang pagmamay-ari at pamumuhunan sa renewable energy. Malugod na tinanggap ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang 100% pagmamay-ari ng mga dayuhan sa mga proyektong renewable energy sa katwiran na kailangan ito para sa transisyon mula sa fossil fuel patungong “malinis, sustenable at mas aksesibleng renewable energy.” Ang ganitong pagbabago sa polisiya ay naging posible dahil sa pag-amyenda ng Renewable Energy Act at mga regulasyon nito, ay nag-aalis ng mga nakaraang paghihigpit sa pagmamay-ari ng mga Pilipino at mas lubos na nagbubukas ng sektor sa mga dayuhang mamumuhunan.

Ang Philippine Energy Plan (PEP) 2023-2050 ay higit pang nagpapakita ng lawak ng planong pagpapalawak ng RE. Sa pagtataya ng gobyerno sa pagdating ng 2050, ang malaking bahagi ng lupain at teritoryong pandagat ay ilalaan sa imprastraktura ng renewable energy. Depende sa senaryo, ang bawat 700,000 ektarya ay maaaring ilaan para sa pagpapaunlad ng renewable energy sa offshore at sa onshore. Sa isa pang senaryo sa offshore, maaaring kailanganin ang mahigit isang milyong ektarya ng espasyo sa dagat. Bagama't maaaring mabawasan ng mga proyekto sa offshore ang direktang pag-aalis ng lupang sakahan sa ilang lugar, nagdudulot ito ng malubhang banta sa mga komunidad ng mangingisda at kabuhayan sa baybayin.

Nababago na ang paggamit ng lupa sa buong bansa dahil sa patuloy na pagpapalawak ng RE. Ang imprastraktura ng renewable energy ay unti-unti nang lumalamon sa mga lupang agrikultural, mga lupang ninuno, mga lugar ng pangisdaan, mga kagubatan, at mga ekosistema sa baybayin. Ang mga komunidad na naninirahan sa tabi ng mga yamang ito ay kadalasang nahaharap sa land conversion, paghihigpit sa pag-akses, pagpapalayas, o pagkawala ng kabuhayan, kadalasan nang walang makabuluhang konsultasyon o sapat na kabayaran.

Dahil dito, hinuhubog ng istruktura ng kasalukuyang sistema ng enerhiya ang paraan ng pag-unlad ng renewable energy:

- Ang mga proyekto ay pangunahing nakatuon sa kita sa halip na sa mga pangangailangan;
- ang mga gastos at financial risk ay ipinapasa sa mga konsyumer sa pamamagitan ng mga singil sa kuryente;
- sa pagpapalit ng enerhiya na isang inelastic good, bilang isang kalakal, ito ay nagiging mas mahirap maakses ng mga mahihirap; at
- ang pagpapalano sa enerhiya ay nananatiling umiinog sa kita ng pribadong pamumuhunan kaysa sa kapakanan ng publiko.

Ito ang dahilan kung bakit ang paglago ng renewable energy sa Pilipinas ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng demokratikong akses sa enerhiya, mas mababang presyo ng kuryente, o pinabuting kapakanan para sa mga ordinaryong konsyumer. Kahit ang pinag-uusapang transisyon ay "green".

Patuloy na mataas na gastos at hindi pantay na akses sa enerhiya

Hindi awtomatikong nareresolba ng pagpapalawak ng renewable energy ang matagal nang mga problema ng bansa pagdating sa mahal na kuryente at hindi pantay na akses dito. Ang estruktura ng sektor ng enerhiya—at hindi lamang ang pinagmumulan ng kuryente—ang tumutukoy kung sino ang makikinabang sa pag-unlad ng enerhiya.

Sa kabila ng paulit-ulit na mga pangako na ang pribatisasyon at deregulasyon ay magbabawas sa gastos sa kuryente, ang mga presyo ng kuryente sa Pilipinas ay patuloy na tumataas simula noong pinasa ang EPIRA. Noong Hulyo 2025, ang mga singil sa kuryente sa Pilipinas ay nanatiling kabilang sa pinakamataas sa Timog-silangang Asya, pangalawa lamang sa Singapore. Ito ay sumasalamin sa patuloy na pagdepende sa mga inaangkat na gasolina, kapangyarihan sa monopolyong pagpepresyo, mga pribatisasyon ng mga utility, at mga mekanismo ng awtomatikong pagpasa na nagpapahintulot sa mga korporasyon na direktang ilipat ang mga gastos sa mga mamimili.

Lumala rin ang kawalan ng seguridad sa enerhiya ng bansa. Ang kasapatan sa enerhiya ng Pilipinas ay patuloy na bumaba mula 51.6% noong 2019 patungo sa 45% lamang noong 2024, ibig sabihin mahigit kalahati ng suplay ng enerhiya ng bansa ay nagmumula na ngayon sa mga inaangkat na produkto. Pinapataas nito ang kahinaan sa mga pandaigdigang price shocks, geopolitikal na kaguluhan, at mga pagkagambala sa suplay. Noong 2024

lamang, ang kabuuang inaangkat na enerhiya ay tumaas mula 35,111 kilotons of oil equivalent (KTOE) patungo sa 38,000 KTOE. Nanatili ang langis bilang pinakamalaking inaangkat na pinagkukunan ng gasolina, habang ang inaangkat na karbon ang nagtala ng pinakamabilis na paglago.

Kahit lumawak ang produksiyon ng renewable energy, patuloy na nangingibabaw ang mga fossil fuel sa pinaghalong kuryente ng bansa. Ang *carbon* pa rin ang may pinakamalaking bahagi sa pagbuo ng kuryente noong 2023 na may 34%, habang ang renewable energy ay nag-ambag ng 23%. Sa loob mismo ng *sektor ng renewable*, ang *hydropower* at *solar* ang kasalukuyang nangingibabaw sa mga tuntunin ng kapasidad ng pag-install. Sa mga tuntunin ng pagbuo ng kuryente, ang geothermal ang nag-ambag ng pinakamalaking (10,798GWh), na sinusundan ng hydropower (10,909GWh).

Malaki ang itinaas ng *generation charges* noong 2024, tumaas ng halos 50% mula 219 KTOE noong 2023 patungong 328 KTOE. Ngunit ang paglawak na ito ay hindi nagresulta sa mas mababang presyo ng kuryente para sa mga ordinaryong konsyumer. Sa halip, ang mga sambahayan ang patuloy na sumasagot sa maraming singil na nakadikit sa mga singil sa kuryente, kabilang ang mga singil sa *generation*, *transmisyon charge*, *universal charge*, at mga singil na may kaugnayan sa *renewable energy*.

Itinatag ng pribatisasyon ang isang sistema kung saan sinasagot ng mga mamimili ang mga gastos ng mga insentibo sa pamumuhunan at mga pagbabago-bago sa merkado. Maging ang mga subsidyo at mga mekanismo ng suporta para sa pagpapaunlad ng renewable energy ay epektibong ipinapasa sa mga mamimili. Ang mga programang tulad ng Feed-in-Tariff Allowance (FIT-All) at ang Green Energy Auction Allowance (GEA-All) ay kinokolekta sa pamamagitan ng mga singil sa kuryente. Simula Enero 2026, inaasahang magbabayad ang mga mamimili ng karagdagang 3.7 sentimo kada kilowatt-hour kasunod ng pag-apruba ng ERC sa koleksyon ng GEA-All upang pondohan ang mga proyekto ng renewable energy.

Ang pribatisasyon ay pinagtibay pa ang isang sistema kung saan sinasagot ng mga konsyumer ang mga gastos ng mga insentibo sa pamumuhunan at mga pagbabago-bago sa merkado. Maging ang mga subsidyo at mga mekanismo ng suporta para sa pagpapaunlad ng renewable energy ay epektibong ipinapasa sa mga mamimili. Ang mga programang tulad ng Feed-in-Tariff Allowance (FIT-All) at ang Green Energy Auction Allowance (GEA-All) ay kinokolekta sa pamamagitan ng mga singil sa kuryente. Simula

Enero 2026, inaasahang magbabayad ang mga mamimili ng karagdagang 3.7 sentimo kada kilowatt-hour kasunod ng pag-apruba ng ERC sa koleksyon ng GEA-All upang pondohan ang mga proyekto ng renewable energy.

Sa ilalim ng balangkas na ito, ang kuryente ay pangunahing itinuturing na isang kalakal sa halip na isang serbisyong pampubliko o karapatang panlipunan. Dahil dito, ang mga mahihirap na sambahayan ay nahaharap sa hindi katimbang na mga pasanin. Ang mga residential consumer ang bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng konsumo ng kuryente sa buong bansa, ngunit maraming may mababang-kita na sambahayan ang patuloy na nahihirapan sa mataas na gastos sa kuryente, hindi maaasahang serbisyo, at limitadong pag-access.

Kasabay nito, ang malakihang mga proyekto sa renewable energy ay lumilikha ng tumitinding tunggalian hinggil sa lupa, produksyon ng pagkain, at kabuhayan.

Ang mga proyektong solar ay sumasakop na sa malawak na lupang pang-agrikultura sa ilang probinsya:

- Empera Solar Power sa Nueva Ecija;
- Isang 500-ektaryang instalasyon ng solar sa Malubog, Tarlac;
- Humigit-kumulang 300 ektarya sa Zambales;
- Humigit-kumulang 400 ektarya sa Ilagan City;
- Halos 1,000 ektarya ng solar development sa Negros.

Lumalawak din ang mga proyektong off- at onshore wind sa mga lugar na pang-agrikultura:

- Bangui Wind Farm sa Ilocos Norte;
- Burgos Wind Project na sumasaklaw sa humigit-kumulang 700 ektarya;
- Pagudpud Wind Project na sumasaklaw sa humigit-kumulang 625 ektarya;
- Mabini, Batangas offshore developments na sumasaklaw sa humigit-kumulang 4,000 ektarya;
- Basic Energy wind farm projects na sumasaklaw sa humigit-kumulang 4,536 ektarya.

Kabilang sa iba pang mga lugar na tinatarget ang Manila Bay, Tayabas Bay, Guimaras Strait, at katubigan ng Mindoro. Ang panukalang proyektong BuhaWind offshore wind sa Hilagang Luzon pa lamang ay naiulat na nakakaapekto sa humigit-kumulang 66,000 ektarya at nagbabanta sa kabuhayan ng humigit-kumulang 16,000 mangingingisda sa Pagudpud, Bangui,

at Pasuquin. Ang mga karagdagang proyekto ng Tripower at REDC ay pinaplano sa Mauban at Real, Quezon.

Sa pagtataya ng gubyrerno sa pagsapit ng 2050, humigit-kumulang limang milyong ektarya ang maaaring kailanganin para sa imprastraktura ng solar at onshore renewable energy, habang humigit-kumulang 1.6 milyong ektarya ang maaaring ilaan para sa mga proyektong offshore wind. Sa Bicol, ang San Miguel Bay Offshore Wind Project sa pagitan ng Camarines Norte at Camarines Sur ay sumasaklaw sa mahigit 23,000 ektarya.

Ang mga pag-unlad na ito ay may malaking implikasyon para sa seguridad sa pagkain, kabuhayan, at pagpapanatili ng ekolohiya. Ang pagpapalit ng lupang agrikultural para sa mga solar farm ay maaaring makabawas sa lupang ginagamit para sa produksyon ng pagkain. Ang mga offshore wind installation ay banta sa mga tradisyonal na lugar ng pangisdaan at mga ekosistema sa dagat. Ang mga katutubo at mga komunidad sa kabundukan ay apektado rin ng mga megadam, mga proyektong geothermal, at pagpapalawak ng imprastraktura sa loob ng mga lupang ninuno.

Malaki rin ang epekto sa kapaligiran. Ang mga malalaking proyektong *renewable energy* ay maaaring may kinalaman sa pagkalbo sa mga kagubatan pagpapatag ng bundok, *land conversion*, at pagkagambala sa mga ekosistema sa dagat. Kabilang sa mga naiulat na epekto ang erosyon ng lupa, pagbaha, siltation, pagkasira ng tirahan, pagkawala ng biodiversity, at paglipat ng mga lokal na komunidad. Ang mga proyektong *biomass* na nauugnay sa *corporate agriculture* ay maaari ring magpalala ng *monocropping* at hindi napapanatiling paggamit ng lupa.

Ang resulta ay isang *energy transition* na nananatiling hindi pantay. Maaaring lumawak ang *renewable energy*, ngunit kung walang repormang istruktural, ang pasanin ay patuloy na bumabagsak nang hindi proporsyonal sa mga konsyumer, magsasaka, mangingisda, katutubong komunidad, at mga sambahayang mababa ang kita.

Mga limitasyon ng kasalukuyang balangkas ng patakaran sa renewable energy

Ang kritisismo ng IBON sa adyenda ng bansa tungkol sa *renewable energy* ay sumasaklaw nang higit pa sa mga teknolohiya mismo hanggang sa balangkas ng patakaran na namamahala sa kanilang pag-unlad.

Ang Renewable Energy Act of 2008—na nakabalangkas sa National Renewable Energy Program (NREP) 2011-2030—ay kadalasang inilalahad bilang isang progresibong batas dahil itinataguyod nito ang mas malinis na pinagkukunan ng enerhiya tulad ng solar, hangin, geothermal, hydro, biomass, at enerhiya sa karagatan.

Ang NREP ay nagsisilbing roadmap ng gobyerno para sa mabilis na pagpapalawak ng imprastraktura ng renewable energy. Hangad ng programa na halos triplehin ang kapasidad ng renewable energy mula 5,438 megawatts (MW) noong 2010 patungong 15,304 MW pagsapit ng 2030 sa pamamagitan ng malawakang pamumuhunan sa pagbuo ng renewable energy. Nagtatatag ito ng mga sektoral na target, mga mekanismo sa pagtataguyod ng pamumuhunan, mga programa sa pananaliksik at pagpapaunlad, mga pagtatasa ng mapagkukunan, at mga sistema ng suporta sa teknolohiya na naglalayong mapabilis ang paglawak ng renewable energy at makaakit ng pribadong kapital sa sektor ng enerhiya.

Bagama't ambisyoso ang NREP sa pagpapalawak ng generation capacity, hindi ito gaanong malinaw kung paano pantay na maipapamahagi ang mga benepisyo ng renewable energy. Ang programa ay pangunahing nakatuon sa pagpapataas ng naka-install na kapasidad at pagtutulak ng pamumuhunan sa halip na garantiyahan ang unibersal na pag-akses, abot-kayang kuryente, o demokratikong pagmamay-ari ng mga mapagkukunan ng enerhiya. Bagama't kinikilala ng NREP ang mga sambahayan, komunidad, at negosyo bilang mga potensyal na benepisyaryo ng pagpapaunlad ng renewable energy, wala itong kaukulang balangkas upang matiyak na ang mga mamimiling may mababang kita, microenterprises, at maliliit at katamtamang laki ng mga negosyo (SME) ay maaaring makabuluhang ma-akses at makinabang mula sa mga teknolohiyang ito. Sa pagsasagawa, ang pakikilahok sa mga programa ng renewable energy ay kadalasang nakasalalay sa pag-akses at pagmamay-ari ng kapital, financing, lupa, at teknikal na kadalubhasaan—mga mapagkukunang nakatuon sa mas malalaking korporasyon at mas mayayamang konsyumer.

Ang Renewable Energy Act ay pinapatakbo sa loob ng parehong deregulated at pribatisadong sistema ng kuryente na itinatag ng EPIRA. Ang renewable energy ay isinama sa isang balangkas na nakabatay sa merkado kung saan ang mga desisyon sa pamumuhunan ay hinihimok ng kakayahang kumita sa halip na ng pangangailangan ng publiko. Nagbibigay ang estado ng malawak na mga insentibo sa pananalapi at non-fiscal upang maakit ang mga pribadong mamumuhunan, kabilang ang mga income tax holiday, duty-free

na pag-angkat ng kagamitan, mga eksepsiyon sa VAT, mga preferential tax rates, at garantisadong akses sa merkado sa pamamagitan ng mga mekanismo tulad ng mga feed-in tariff at mga green energy auction. Dinadahilan ang pagbibigay ng mga insentibo para mapabilis ang transisyon ng enerhiya, ngunit mas nagiging paborable ito sa malalaking korporasyon at dayuhang mamumuhunan na may kakayahang pinansyal na magsagawa ng mga proyektong pang-utilidad.

Ang mga patakarang naglalayon sa paghikayat sa paglahok ng mga konsumer ay hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan. Ang mga programang tulad ng *net metering* at *distributed energy resources* (DER), kabilang ang mga rooftop solar system, ay nagpapahintulot sa mga kabahayan at negosyo na lumikha ng kuryente para sa kanilang sariling paggamit at mag-export ng labis na kuryente sa grid. Sa teorya, ang mga programang ito ay maaaring magpababa ng mga singil sa kuryente at magpataas ng seguridad. Gayunpaman, sa pagsasagawa, ang mataas na paunang gastos ng kagamitan at pag-install, mga limitasyon sa financing, at mga teknikal na kinakailangan ay ginagawang naa-akses ang mga opsyong ito pangunahin na sa mga kabahayan na nasa gitna at mataas na kita, malalaking komersyal na establisyimento, at mga institusyon.

Ang mga may mababang kita na sambahayan, na nahihirapan nang magbayad ng mga pangunahing bayarin sa kuryente, ay epektibong hindi kasali sa mga pagkakataong ito.

Ang istruktura ng grid at ang kapaligirang pangregulasyon ay pabor din sa malalaking proyekto. Ang mga solar at wind farm na may malawak na saklaw ng kuryente na sinusuportahan ng mga malalaking korporasyon ay mas madaling makakuha ng pondo, mga permit, at imprastruktura ng transmisyon, habang ang mga *renewable system* na nakabase sa komunidad, mga kooperatiba ng kuryente, at mga lokal na inisyatiba sa enerhiya ay tumatanggap ng kaunting suporta mula sa mga institusyon.

Bilang resulta, lumalawak ang renewable energy, ngunit nananatiling puro ang kontrol at nananatiling hindi pantay ang pag-akses. Maaaring magtatag ang transisyon ng mas malinis na mapagkukunan ng enerhiya, ngunit hindi nito pundamental na tinutugunan ang hindi pantay na pag-access, kakayahang makabili, o pamamahala sa sektor ng kuryente. Ang mga komunidad at kabuhayan – na dapat na pangunahing makikinabang sa mga sistema ng *renewable energy* – ay nawawasak o napapalitan pa nga.

Samakatuwid, ang pagpapaunlad ng renewable energy ay nananatiling nakabaon sa isang pribatisado at nakatuon sa kita na sistema, kung saan ang pagtaas lamang ng kapasidad ng renewable ay hindi garantiya ng hustisya sa enerhiya.

“Green” ngunit hindi makatarungan

Maaaring dagdagan ng Pilipinas ang kapasidad ng renewable energy nang hindi nilulutas ang mas malalalim na problema sa enerhiya, mataas na presyo ng kuryente, at hindi pantay na akses. Maaaring maging mas malinis ang kuryente sa teknikal na aspeto, ngunit maaari itong manatiling mahal, walang seguridad, at eksklusibo para sa karamihan ng mga Pilipino.

Ito ay dahil ang pagmamay-ari ay nananatiling nakapokus sa kamay ng isang maliit na bilang ng mga *conglomerate*.

Marami sa mga nangungunang proyekto ng renewable energy sa bansa ay kontrolado ng parehong mga grupo ng negosyo na nangingibabaw sa mas malawak na sektor ng enerhiya. Ang Empera Solar ay konektado sa mga interes ng Meralco at Lopez. Ang Solar Power New Energy Corporation ay konektado sa Aboitiz. Ang ACEN, sa ilalim ng Ayala Group, ay naging isa sa pinakamalaking developer ng renewable energy sa bansa. Ang Energy Development Corporation at First Gen, parehong nasa ilalim ng Lopez Group, ay patuloy na nangingibabaw sa geothermal at iba pang mga renewable na teknolohiya. Ang PetroGreen ay konektado sa Yuchengco Group, Trans-Asia Renewable Energy sa PHINMA, at Negros Solar Farms sa mga interes ng Aboitiz.

Ang dayuhang kapital ay lalong nagiging prominente. Ang mga kumpanya at kasosyo sa pamumuhunan mula sa Japan, Denmark, France, Germany, Singapore, United Kingdom, United Arab Emirates, at Estados Unidos ay pumapasok na sa sektor. Ang mga proyektong tulad ng BuhaWind, na sinusuportahan ng Copenhagen Energy, at mga pamumuhunan ng TotalEnergies, Masdar, Marubeni, at Mainstream Renewable Power ay nagpapakita kung paano ang renewable energy ng Pilipinas ay lalong nagiging integral sa pandaigdigang daloy ng kapital.

Ang konsentrasyon ng pagmamay-ari na ito ay nangangahulugan na ang transisyon ng enerhiya ay nananatiling pinangungunahan ng mga korporasyon.

Ang pagpapalano ay nakabatay din sa merkado sa halip na nakabatay sa mga pangangailangan. Ang mga proyekto ay inuuna kung saan pinakamataas ang kita at kung saan ang mga mapagkukunan ay kaakit-akit sa komersyo, hindi kinakailangan kung saan ang mga komunidad ay hindi naseserbisuhan o kung saan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ay pinakamalaki.

Samantala, limitado lamang ang papel na ginagampanan ng pampublikong sektor. Ang gobyerno ay kumikilos lamang bilang tagapagpadaloy, regulator, at tagagarantiya ng pribadong pamumuhunan sa halip na bilang direktang tagapagbigay ng abot-kayang serbisyo ng enerhiya.

Ang resulta ay isang transisyon na may pagbawas sa carbon emission habang nagluluwal ng kaparehas na hindi pantay na pagmamay-ari, akses, at paggawa ng mga desisyon na siyang katangian ng umiiral na sistema ng kuryente.

Mga prospect sa ilalim ng kasalukuyang sistema

Sa ilalim ng kasalukuyang mga patakaran, ang pagpapaunlad ng renewable energy sa Pilipinas ay malamang na patuloy na bibilis sa mga darating na dekada.

Ang mga target ng gobyerno ay nananawagan na ang renewable energy ay bumubuo ng mahigit 40% ng pinaghalong power generation pagsapit ng 2030 at lalampas sa 50% pagsapit ng 2040. Ang mga malalaking proyekto sa solar, wind, geothermal, hydro, at battery storage ay inaasahang lalawak nang malaki, susuportahan ng masaganang insentibo, mga green energy auction, at ang liberalisasyon ng mga patakaran sa pagmamay-ari.

Inaasahan din na lalago ang pamumuhunang dayuhan habang ang Pilipinas ay lalong ibinebenta bilang isang kaakit-akit na destinasyon para sa pandaigdigang berdeng kapital dahil sa malawak nitong potensyal na mapagkukunan, kanais-nais na mga insentibo sa buwis, at dereguladong merkado ng enerhiya.

Ngunit para sa karamihan ng mga Pilipino, ang paglawak na ito ay maaaring hindi magdulot ng mas maayos na kondisyon ng enerhiya.

Walang garantiya na bababa ang presyo ng kuryente, dahil ang mga singil ay nananatiling tinutukoy ng mga pribadong utility at mekanismo ng merkado sa halip na ng mga layuning panlipunan. Ang mga sambahayang may mababang kita ay maaaring patuloy na maharap sa mga hadlang sa

pakikilahok sa mga desentralisadong teknolohiya ng enerhiya tulad ng rooftop solar at imbakan ng baterya. Ang mga mamimili ay malamang na mananatiling umaasa sa mga pribadong utility sa pamamahagi at malantad sa mga singil na direktang nagpapasa ng mga gastos sa pamumuhunan sa kanilang mga singil sa kuryente.

Samantala, ang mga presyur sa lipunan at kapaligiran na nauugnay sa malalaking proyektong nababagong enerhiya—kabilang ang pagpapalit ng lupa, paglilipat ng tirahan, at pagkawala ng kabuhayan—ay maaaring tumindi habang mas maraming teritoryo ang nabubuksan para sa kaunlaran.

Sa madaling salita, ang kasalukuyang landas ay nakatuon sa mas maraming renewable energy, ngunit hindi nangangahulugan na ito'y magdudulot ng mas abot-kaya, patas, o demokratikong enerhiya.

Renewable energy na para sa tao

Hindi lamang simpleng pagpaparami ng proyektong renewable energy ang kailangan ng Pilipinas. Kailangan nito ng ibang sistema ng enerhiya.

Lalo na sa gitna ng paulit-ulit na *price shocks* ng langis at pagtaas ng halaga ng kuryente, ang tunay na pagpapaunlad ng renewable energy ay nangangailangan ng sistematikong reporma sa halip na isang pagpapalawak lamang ng pribadong imprastraktura.

Ang isang estratehiyang nakasentro sa mga tao para sa *renewable energy* ay magsisimula sa pagbaligtad ng pribatisasyon at deregulasyon ng sektor ng kuryente. Ang pagpapawalang-bisa o pundamental na muling pagbubuo ng EPIRA ay mahalaga upang maibalik ang mas malakas na kontrol ng publiko sa pagbuo, transmisyon, at distribusyon ng kuryente.

Dapat palakasin ang pagmamay-ari ng publiko at demokratikong pamamahala upang ang pagpapalano ng enerhiya ay magabayan ng kapakanan ng publiko sa halip na kita ng mga mamumuhunan.

Ang pagpapaunlad ng *renewable energy* ay dapat nakabatay sa pangangailangang panlipunan. Nangangahulugan ito ng pagtiyak sa pangkalahatang pag-akses sa abot-kayang kuryente, pagsuporta sa agrikultura at industriyang domestikong, at pagsasama ng pagpapalano ng enerhiya sa mas malawak na programa ng pambansang industriyalisasyon.

komunidad at desentralisado. Ang mga kooperatiba ng *renewable energy*, solar sa komunidad, mga *microgrid*, at mga programang solar sa bubong ng mga bahay na sinusupportahan ng publiko ay maaaring makatulong sa mga komunidad, maliliit na prodyuser, at mga lokal na negosyo na direktang makinabang mula sa kanilang sariling mga mapagkukunan ng enerhiya. Higit sa lahat, ang kuryente ay dapat ituring bilang isang pampublikong gamit sa halip na isang kalakal. Ang pag-akses sa enerhiya ay mahalaga sa kalusugan, edukasyon, kabuhayan, at kaunlaran. Samakatuwid, dapat itong pamahalaan ayon sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pananagutan, at pagpapanatili.

Ang pananaw na ito ay naaayon sa ideya ng isang People's Green New Deal—isa na pinagsasama ang makatarungang transisyon, soberanya ng enerhiya, pagpapanatili ng ekolohiya, at maka-mahirap na pag-unlad. Isinasagawa na rin ang pagbuo ng isang panukalang batas para sa kapaligiran na maka-mamamayan ng mga organisasyong masa, mga institusyon kabilang ang mga progresibong mambabatas.

Ang Pilipinas ay may masaganang potensyal sa *renewable energy*. Ang hamon ay tiyakin na ang potensyal na ito ay gagamitin hindi lamang para sa kita ng mga korporasyon, kundi para sa mga pangangailangan at kapakanan ng mamamayang Pilipino.

SOURCES:

Department of Energy Plan 2023-2050

GlobalPetrolPrices, Energy Regulatory Commission

Department of Energy Circular 2022-11-0034

Katribu National

Kilusang Magbubukid ng Pilipinas

IBON

Advocates of Science and Technology for the People

National Renewable Energy Program 2011-2030

RA 9513 or the Renewable Energy Act, and Philippine

Institute for Development Studies